
www.kidworship.kr


120Page


121Page


122Page


123Page


124Page

# Nakakilala si Saulo sa Panginoon

– 18th Story–

**NAR** Si Saulo ay isang matalinong tao, ngunit hindi sya naniniwala kay Jesus. Bukod dito, kinasusuklaman nya ang mga naniniwala kay Jesus at pina-pakulong sila. Kinausap niya ang punong pari ng mga Judio at sinabi,

**Saul** Pwede bang bigyan nyo ko ng sulat na nagbibigay kapangyarihan upang hulihin ang mga taga-sunod ni Hesus at dalhin sila sa Jerusalem.

---

**NAR** Naglakbay nga si Saulo patungong Damasco para usigin ang mga tagasu-nod ni Hesus.

**NAR** Ngunit nang malapit na si Saulo sa Damasco, biglang may liwanag mula sa langit na pumalibot sa kanya. Hindi makadilat si Saulo dahil sa naka-sisilaw na liwanag nito. Kahit na takpan nya ang kanyang muka ng kanyang mga kamay ay wala pa rin syang makita dahil sa sobrang liwan-ag. Maya-maya, ay isang tinig mula sa langit ang kanyang narinig:

**Jesus** Saulo, Saulo! Bakit mo ako inuusig?

**Saul** Sino po kayo Panginoon?

**Jesus** Ako si Hesus, na siyang inuusig mo!

**NAR** Hindi naniwala si Saulo na si Hesus ang hari ng mga Hudyo na ipinangako ng Diyos, hindi rin sya naniwala na ipinako sa krus si Hesus at muling nabuhay, kaya labis siyang namangha nang marinig niya ang mga salita ni Hesus.

**Jesus** Saulo, tumayo ka at pumunta sa lunsod ng Damascus. May magsasabi sayo dun kung ano ang gagawin mo.

**NAR** Tumayo si Saul ngunit nang buksan nya ang kanyang mga mata ay wala siyang makita, kaya't inalalayan sya ng kanyang mga kasama patungong Damasco.

---

**NAR** Tatlong araw na bulag si Saulo at hindi sya kumain o uminom ng kahit ano. Nagsisi sya at nagdasal kay Jesus ng buong puso.

---

**NAR** Nang panahong iyon, may isang alagad si Hesus sa Damasco na ang pan-galan ay Ananias. Kinausap sya ng Panginoon sa isang pangitain.

**Jesus** Ananias! “Pumunta ka sa kalyeng tinatawag na Tuwid, sa bahay ni Judas, at ipagtanong mo ang isang lalaking taga-Tarso na ang pangala'y Saulo. Siya'y nananalangin ngayon. Sa isang pangitain, nakita ka niyang pu-masok sa kinaroroonan niya at pinatungan mo siya ng kamay upang siya'y makakitang muli.”

**Ananias** "Panginoon, marami na po ang nagbalita sa akin tungkol sa taong ito at tungkol sa mga kasamaang ginawa niya sa mga Kristiano sa Jerusalem. At naparito siya sa Damasco, taglay ang kapangyarihang galing sa mga punong pari ng mga Judio, para hulihin ang lahat ng tumatawag sa Iyong pangalan."

---



125Page

**Jesus** "Lumakad ka, dahil pinili ko siyang maglingkod sa akin, para ipakilala niya ako sa mga hindi Judio at sa kanilang mga hari, at sa mga Israelita. At ipapakita ko rin sa kanya ang mga paghihirap na dapat niyang danasin para sa akin."

**NAR** Kaya't pinuntahan nga ni Ananias si Saulo at ipinatong ang kanyang kamay sa kanya.

**Ananias** "Saulo, kapatid ko sa Panginoon, pinapunta ako rito ng Panginoong Jesus. Siya ang nagpakita sa iyo sa daan nang papunta ka rito. Inutusan niya ako rito para muli kang makakita at mapuspos ng Banal na Espiritu."

**NAR** Nang matapos manalangin ni Ananias, Biglang may nahulog na parang mga kaliskis ng isda mula sa mga mata ni Saulo, at nakakita siyang muli. Pagkatapos, tumayo siya at nagpabautismo. Ngayon isa na syang alagad ni Hesus.

---



126Page

**NAR** Kumain siya at muling lumakas. Nanatili si Saulo ng ilang araw sa Damas-cus kasama ng mga tagasunod ni Jesus.

**Saul** Si Hesus ay ang anak ng Diyos. Maniwala kayo sa Kanya!

**Man** Ano? "Hindi ba't ito ang taong umuusig sa mga Kristiano doon sa Jerusa-lem? Hindi ba't naparito siya para hulihin ang mga kumikilala kay Jesus at dalhin sa mga namamahalang pari?"

**Woman** Oo, sya nga! Paanong nangyari to'? Anong nangyari sa kanya?

**NAR** Nabigla ang lahat. Habang patuloy naman ang paglago ni Saul sa pan-gangaral na si Jesus ang Kristo.

---



127Page

**NAR** Lumipas ang maraming araw, at pinagplanuhan syang patayin ng mga Hudyo ngunit nalaman ni Saul ang kanilang balak. Araw at gabi nila syang inaabangan sa mga pintuan ng lungsod upang patayin, ngunit tinulungan syang makatakas ng kanyang mga taga sunod. Gamit ang isang malaking basket, ibinaba sya ng mga ito sa pader upang tuluyang makatakas. Si Saulo ay sya ring si Pablo na isang tanyag na mangangaral. Kahit na marami syang pagsubok at kahirapan na hinarap, nagpatuloy pa rin sya sa pangangaral ng salita ng Diyos sa maraming bansa. Sya rin ang sumu-lat ng labintatlo sa dalawamput pitong aklat ng bagong tipan.